HUMAN DEVELOPMENT FOUNDATION
مؤسسة بناء الإنسان بالغلبين

TURUAN ANG IYONG ANAK

Ang Pinakamainam na Mga Araw sa Mundo



ANG UNANG SAMPUNG ARAW NG DHUL-HIJJAH



‘Ang pinakamainam na mga araw sa mundo’ ay isang munting aklat na isinalin sa Tagalog mula sa aklat ng Rasael Emaratia.

Kabilang sa mga biyaya ni Allah (Subhānahu wa Ta'ālā), ginawa Niya para sa atin ang ilang mga araw na mas mainam kaysa sa iba. Sa mga araw na ito, kapag ang isang Muslim ay mas nagsikap sa paggawa ng mabubuting gawa, siya ay makatatanggap ng mas maraming gantimpala.

Kabilang dito ang **sampung araw ng Dhul-Hijjah.**



Kaya halina't ating kilalanin ang mga ito.







1.Kainaman ng Sampung Araw ng Dhul-Hijjah sa Qur'an:

Sinabi ng Allah Ta'ala:

﴿ وَالفَجرِ * وَلَيالٍ عَشرٍ﴾ [الفجر: ١-٢]

"Isinusumpa Ko, sa bukang-liwayway. At sa sampung gabi."

Ang sampung gabing ito ay ang sampung araw ng Dhul-Hijjah. Sumumpa si Allah sa mga ito dahil sa kanilang karangalan at dakilang kabutihan, upang mapukaw ang pansin ng Kanyang mga alipin tungkol sa kahalagahan ng mga ito.

— Mula sa lecture: "Kainaman ng Sampung Araw ng Dhul-Hijjah" ni Shaykh Salih Al-Fawzan (hafizahullah), na may kaunting pagsasaayos.





2.Kainaman ng Sampung Araw ng Dhul-Hijjah sa Sunnah:

Sinabi ng Sugo ng Allah ﷺ:

“Walang mga araw na ang mabubuting gawain ay higit na minamahal ni Allah kaysa sa mga sampung araw na ito.”

Sila ay nagtanong:
“O Sugo ng Allah, kahit ang Jihad sa landas ng Allah?”

Sinabi niya ﷺ:
“Kahit ang Jihad sa landas ng Allah, maliban sa isang taong lumabas dala ang kanyang sarili at kayamanan at hindi na nakabalik pa mula rito.”


[Isinalaysay ni At-Tirmidhi: 757]





3.Bakit ang sampung araw ng Dhul-Hijjah ang pinakamainam na mga araw sa mundo?

Pinakamainam na mga araw sa mundo dahil sa pagsasama-sama ng mga pangunahing uri ng pagsamba dito:



Ang mga gawaing ito ay hindi nakikita nang sabay-sabay sa ibang mga araw.
— Mula sa “Fath al-Bari bi Sharh Sahih al-Bukhari” ni Ibn Hajar رحمه الله.



4.Kailan nagsisimula at natatapos ang sampung araw ng Dhul-Hijjah?

Ang sampung araw ng Dhul-Hijjah ay nagsisimula sa pagpasok ng buwan ng Dhul-Hijjah at nagtatapos sa Araw ng ‘Eid al-Adha (Araw ng Pag-aalay).




-Sinabi ng Shaykh Al-‘Uthaymeen (kaawaan nawa siya ng Allah) sa Al-Liqā’ ash-Shahri [63].

5. Pag-alaala (dhikr) sa Allah sa mga araw na ito:


“Walang mga araw na mas dakila sa Allah, at wala ring mga araw na mas Kanyang minamahal ang paggawa ng mabubuting gawain kaysa sa mga araw na ito — ang sampung araw (ng Dhul-Hijjah). Kaya’t damihan ninyo sa mga araw na ito ang tahlil (La ilaha illa Allah), takbir (Allahu Akbar), at tahmid (Alhamdulillah).”


📚 **[Musnad Ahmad: 5446]**











6.Kailan nagsisimula ang takbir?

Kapag napatunayan ang pagpasok ng buwan ng Dhul Hijjah, nagsisimula na ang takbir sa mga araw ng sampung araw na ito at sa mga gabi nito.

Dapat damihan ng Muslim ang pagbigkas ng takbir at itaas ang kanyang boses dito.


-Sinabi ng Shaykh Salih al Fawzan حفظه الله sa Muhadara Fadl al Ashr min Dhi al Hijjah (may pagbabago sa pagkakasalaysay):





7. Araw ng ʻArafah

Ang Araw ng ʻArafah ay isa sa pinakamahalagang araw ng Hajj.



Sinabi ng Sugo ng Allah ﷺ:

“Walang araw na mas marami ang pinalalaya ng Allah na alipin mula sa Impiyerno kaysa sa Araw ng ʻArafah. Siya ay lumalapit, at pagkatapos ay ipinagmamalaki Niya sila sa mga anghel.”

[Isinalaysay ni Muslim: 1348]



8.Kainaman ng pag-aayuno sa Araw ng ‘Arafah:



Sinabi ng Sugo ng Allah ﷺ:

“Ang pag-aayuno sa Araw ng ‘Arafah — inaasahan ko mula sa Allah na Kanyang patawarin ang mga kasalanan ng nakaraang taon at ng susunod na taon.”

[Saheh Muslim: 1162]

At ikaw, kaibigan—mag-aayuno ka ba sa Araw ng ‘Arafah?

9.Paano natin mapapakinabangan ang sampung araw ng Dhul-Hijjah?







Pagbabasa ng Qur'an



Pag-aayuno





Panalangin



Pagdarasal sa gabi



Kawanggawa



Pag-alaala sa Allah (dhikr)



Pag-aalay (udhiyah)





Takbir



Pagsasagawa ng mga obligado at mga boluntaryong salah



Pagpapanatili ng ugnayan sa kamag-anak at pagsunod sa mga magulang

Makisama sa aming munting pamayanan online! Para sa dagdag na kaalaman, paalala, at mga kwentong kapupulutan ng aral, bisitahin at i-follow ang aming pahina sa facebook:

“Batang Muslim PH”

Isang pahina na nagbabahagi ng mga adhkar, kwento, at simpleng gabay mula sa Qur’an at Sunnah, pati na rin ng mga pang-Islamikong kaalaman para sa mga kabataan. Layunin nitong maging inspirasyon at katuwang ng mga batang Muslim (at kanilang mga magulang) sa paghubog ng pananampalataya at mabuting asal.

I-click lamang ito, o i-scan ang QR code upang mapuntahan ang page.

SCAN ME